

Chapter One



I nalis ni Isabella ang paningin sa ina habang tila wala ito sa sariling humihigop ng kape. Wala itong ginawa buong maghapon kundi ang tumambay sa bahay, pero kumikinang ang pulang nail polish nito. Mas pinatingkad pa iyon ng makinis at maputi nitong balat. Alas siete y media pa lamang ng umaga, pero katulad niya ay nakapaligo na rin ito. Ang kaibahan lang ay kuntodo naka-makeup ang inang si Alberta samantalang siya ay baby powder lang ang gamit sa mukha.

Mayamaya pa ay inubos na niya ang kape at tipid na ngumiti. “Pasok na ako, Ma. Maaga kaming magsisimula ngayon at may catering kaming aasikasuhin mamayang hapon.”

Saka pa lamang nilingon ng nakatatandang babae si Isabella at hindi naitago roon ang disgusto sa nakikita. “Ilang taon ka na, Issy?” matabang nitong tanong.

“Twenty-four, Ma...”

Umikot ang mga mata nito. “Twenty-four ka na, hindi ka pa rin marunong mag-ayos ng sarili mo. Tingnan mo nga ’yang mukha mo, mayamaya lang, mangingintab na ’yan sa pawis. At ’yang suot mo,” tukoy nito sa get-up niyang puting t-shirt na halos mangitim na sa paulit-ulit na paglaba at ang kupasin niyang pantalon na halos wala ring pahinga dahil ilang araw sa isang linggo kung isuot niya iyon, “kaya hanggang ngayon hindi ka pa rin

nagkakaroon ng nobyo, walang nagagandahan sa 'yo," patuloy nito.

Napailing ang dalaga. Kung ibang tao ang makakarinig sa ina ay sasabihing walang amor ang babae sa kanya. Pero kilala niya ang magulang, wala nang ibang mas mahalaga rito kundi siya. Talagang matalas lang ang dila nito lalo na pag napagdidiskitahan ang 'choice of fashion' niya.

"Ma, hindi ko kailangang mag-makeup kung maghapon lang naman akong nasa kusina at nag-aamoy ulam."

Isa siya sa mga cook ng pinakasikat na restaurant at caterer sa kanilang maliit na isla, ang *Hainan*. Dalawang taon lang ang natapos niya sa kolehiyo dahil hindi na kinaya ng kanyang part-time job noon ang tuition fee. Nursing ang kinuha niyang kurso sa pag-asang makapag-abroad, pero nawalan ng saysay ang lahat ng paghihirap niya nang magkasakit ang kanyang ina bago nagsimula ang pasukan noong magti-third year college siya.

Pero kahit ganoon ay nagpasalamat pa rin siya at kinuha siya ni Aling Criselda, ang may-ari ng *Hainan*, bilang full-time cook. Noong nag-aaral pa si Isabella ay pa-extra-extra lang siya sa mga catering events nito. Pero naging sapat naman iyon sa kanyang matrikula dahil hindi maubusan ng project ang restaurant. May mga pagkakataon pa ngang siya na ang umaayaw dahil sa sobrang dalas ay naapektuhan na ang kanyang pag-aaral.

Maipagpapatuloy sana ni Isabella ang kurso kung hindi lang napakalaki ng naging bill ni Alberta, ang

kanyang ina, sa hospital. Diabetic ito kaya ngayon hindi na sa tuition fee niya napupunta ang sahod kundi sa maintenance ng mga gamot nito. Napabuntong-hininga siya. Hindi siya nagrereklamo; para sa kanya, wala rin namang saysay na matupad niya ang pangarap na makaalis ng San Ildefon, isang isla malapit sa Quezon province, kung wala ang kanyang ina.

“Ba’t kasi hindi mo pakiusapan si Criselda na gawin ka na lang na waitress nang hindi nabuburo ’yang ganda mo sa kusina?” patuloy pa rin ng kanyang ina na sinimulan nang ligpitin ang kanilang pinagkainan.

Napatiim-bagang ang dalaga. Minsan ay nagtataka siya kung naiisip man lang ba ni Alberta ang napagdaanan niya dahil dito. Para kay Isabella ay perpekto na ang kanyang trabaho. Nasa likod lamang ng kaguluhan, hindi nakikiharap sa mga tao... sa mga taong wala nang ginawa kundi husgahan ang kanyang pagkatao.

Bunga siya ng maling relasyon. Nabuntis ang kanyang ina ng isang mayamang negosyante sa Maynila. Pero bago pa man iyon ay kilalang-kilala na si Alberta sa buong San Ildefon, dito na lumaki ang kanyang ina. At dahil napakaliit na isla ay alam ng lahat ang kuwento ng bawat taong nakatira roon. Pagkatapos lamang magtapos ng high school ni Alberta ay tumulak na ito ng Maynila, at di nagtagal ay kalat na sa San Ildefon ang trabahong napasok nito. Naging prostitute si Alberta sa Maynila at matapos ang ilang taon ay umuwi itong dala-dala na siya sa sinapupunan.

Pero hindi pa roon natapos ang kuwento ng kanyang ina. Habang lumalaki ay naging biktima siya ng mapanghusgang mga tao sa isla. At dahil doon ay unti-unti niyang nalaman na matapos pa lamang siyang ipanganak ng kanyang ina ay napakaraming lalaki ang dumaan dito. Binata at may-asawa. Kaya lumaki si Isabella na ilag sa mga tao. Palagi ay pinipili niyang malayo sa mga ito at hangga't maaari ay hindi siya nakikihalubilo. Kaya nabuo ang pangarap niyang maging nurse at makapag-abroad, kung saan walang nakakakilala sa kanilang mag-ina at maaari silang magsimula ng bagong buhay.

Pero ayos na rin sa kanya ang trabaho ngayon, maaga siyang pumapasok at gabi na kung umuwi. Nasa kusina siya palagi at ilang tao lang ang madalas niyang kasama na totoong napalapit na ang loob sa kanya. Kaya naman ni hindi niya minsan man inisip na maging waitress na lamang kahit mas magaan ang trabaho. Siguradong gulo lang ang idudulot niyon. Minsan ngang napasabay lang siya ng pag-uwi sa binata nilang kapitbahay ay ilang buwan na nanatili ang tsismis na nagsisimula na siyang maglandi at gumaya sa kanyang ina.

Mapait na ngumiti si Isabella. “Ayos na ang trabaho ko, Ma. Saka mas malaki ang sahod ng cook kesa sa waitress.”

Umismid lamang ang nakatatandang babae na nasa cincuenta años na. “Sige na nga, basta’t masaya ka ay ayos na rin sa akin.”

Nginitian niya ito at hinalikan sa pisngi. “Alis na ako,

Ma.”

“Mag-ingat ka, 'Nak,” pahabol nito.



“Issy, mabuti't nandito ka na,” bungad kaagad sa kanya ni Aling Criselda, ang may-ari ng *Hainan*. Maaga pa ay pawisan na ito at nakikisali na sa pagluto sa kusina. Ipinagtaka iyon ni Isabella dahil wala pa namang customers sa dining area. Alam din niyang hindi para sa catering mamayang hapon ang pinagkakaabalahan nito dahil kayang-kaya na nila iyon, kasama niya ang tatlo pang cook ng *Hainan*.

“Ano'ng problema?” taka niyang tanong habang isinusuot ang apron.

“Biglang tumawag si Señora Faustina, humihingi ng sample ng mga specialty natin.”

Napakunot-noo siya. Kaya naman hindi rin magkandaugaga sina Mang Tony, Cynthia at Angie, ang kasamahan niyang mga cook. Abalang-abala na ang mga ito sa pagluluto. “Kailan nila gusto ang mga sample?”

Si Señora Faustina Fabregas ay asawa ni Don Felipe Fabregas, ang siyang pinakamayaman sa isla ng San Ildefon at siya ring may-ari ng halos lahat ng mga negosyo roon. Simula sa mga grocery stores, hardware stores at clothes and accessories. May pagawaan din ang mga ito ng furniture at balita pa niya ay may mga branches din ang lahat ng mga negosyo nito sa buong Pilipinas.

“Mamayang ala una,” anang matabang babae na naglalagay ngayon ng mga mani sa blender. “Darating

daw si Ellie bukas, biglaan. Kaya kailangan nila ng caterer para sa gagawin nilang welcome party sa bata.”

“Criselda, hindi na bata si Ellie, siguro kaedad na iyon ni Issy,” singit ni Mang Tony. “Naalala ko, paslit pa lang nang dalhin iyon ni Don Felipe sa America, at ganoon din itong si Issy.”

“Kilala n’yo na ba noon pa si Issy?” sali na ni Angie.

Lumawak ang ngisi ng tinanong. “Aba’y oo naman, madalas ako noon sa kanila...”

Nag-init ang mukha ni Isabella kasabay ng panlalaki ng mga mata ni Cynthia. “Ano’ng ginagawa n’yo noon kina Issy? Uuy, may something kayo ni Aling Alberta, ’no!” Nakita niya ang biglang pagpormal ng mukha ng babae na tila kaagad na pinagsisihan ang sinabi.

“Ang dudumi ng isip n’yo. Mali ang mga sinasabi ng tao tungkol kay Alberta, madalas ako noon sa kanila dahil niligawan ko ang mama ni Isabella. Pero hindi katulad ng kumalat na balita noon, hindi kaladkarin si Alberta. Maayos niyang tinanggihan ang panliligaw ko. Hindi porque’t marunong mag-ayos sa sarili ’yung tao ay masama nang babae.”

“Magsitigil nga kayo,” mabilis nang saway ni Aling Criselda na kaagad siyang hinawakan sa braso, marahan nito iyong pinisil na waring sinasabing huwag nang pansinin ang mga katrabaho. “Hindi na mahalaga kung ilang taon na ’yung bunso nina Señora. Ang mahalaga, mai-deliver natin lahat ng mga putahe sa kanila mamaya. Aba’y kung tayo ang mapili na mag-cater, malaki-laki rin ang kikitain natin at paniguradong ang buong bayan ang

imbitado ng mga Fabregas.”

“Sige, sige. Ano’ng sa akin, Aling Criselda?” pag-iba na niya ng usapan. “Hindi naman mahirap kung hindi ganoon kadami ang bawat putahe.”

“Ikaw na lang ang gumawa ng spicy beef steak, Issy. Pagkatapos ay simulan mo na ang pata tim. Kanina pa pinapalambot ni Cynthia ang karne. Tatapusin ko lang itong fresh lumpia sauce at sisimulan ko na ang relleno. Mabuti at mga putaheng Pinoy ang gusto nilang ihanda.”

“Sige ho,” mabilis niyang sagot at isinuot ang hair net.

“Darating din kaya si Alvaro?” mayamaya ay tanong ni Angie. Magtitreinta na ito pero dalaga pa rin bagaman may boyfriend na. Si Cynthia naman ay may dalawa nang anak at si Mang Tony na cuarenta y cinco na ay limang taon pa lamang na nakakasal.

“Malamang, dadalawa lang silang magkapatid, eh. Alangang hindi sumipot ’yung kuya,” mabilis na sagot ni Cynthia.

“Matagal-tagal na ring hindi napirmi dito ang panganay ni Señora. Ang alam ko, simula nang mag-high school ay doon na siya nag-aral sa Maynila at ilang ulit lang na nagbakasyon dito,” sali ulit ni Mang Tony na gumagayat ng pang-bopis nito.

“Ano naman kasi ang gagawin ng magkapatid dito kung ang mga magulang mismo ay minsan lang mapadpad sa San Ildefon? Napunta lang ang mga iyon dito dahil sa mga negosyo nila,” sagot ni Aling Criselda na ngayon ay isinasalin na ang ginawang sauce sa isang

plastic container.

“B-bakit dito pa gaganapin ang welcome party ni Ellie? Bakit hindi na lang sa Maynila?” hindi na napigilang itanong ni Isabella.

“Eh, gusto daw ni Ellie na dito tumuloy at sawang-sawa na daw sa kaguluhan sa siyudad,” sagot ni Aling Criselda na napalingon sa kanya. “Parang hindi ka ’ata masaya na may malaking raket tayo, Issy?”

Napalunok siya at pilit na ngumiti. “H-hindi naman sa ganoon, nagtataka lang ho ako.”

“Hayaan mo na, Issy,” singit ni Angie. “At least, makikita natin si Alvaro. Magdadalawang taon na nang huli ko siyang makita. Napakaguwapo! Kamukhang-kamukha ng tatay niyang tiso. Binata pa kaya iyon?”

“As if naman kung binata, papatulan ka,” derechong pambabara ni Cynthia na ikinatawa ni Mang Tony.

“At hindi mo iyon makikita dahil tagaluto lang tayo, naroon lang tayo malamang sa kusina nila. Ang mga waiter lang natin ang makakasalamuha ng mga iyon.”

Nakita niyang nagkasalubong ang mga kilay ni Angie. “Di puwedeng sumilip? Kayo, porque’t wala nang asim ang love life n’yo, gusto n’yo pati mga tao sa paligid n’yo, ganoon din.”

“Hoy, hindi ba’t may boyfriend ka na? Parang single na single lang, ah,” patuloy pa rin ni Cynthia na nakipagsikuhan pa sa lalaking cook.

“Eh, hindi pa naman kami kasal, at kayang-kaya kong ipagpalit si Jonathan kay Alvaro. Aba, kahit maging battered wife ako, kakayanin ko kung ganoon kayaman at

kaguwapo ang makakasama ko.”

Lihim na napailing si Isabella at ipinagpatuloy lang ang ginagawa. Ayaw na niyang makisali lalo na at si Alvaro na ang pinag-uusapan. Ang lalaki ang rason kung bakit hindi niya magawang magsaya sa project na maaari nilang matanggap ngayong araw.

“Kung may karapat-dapat man dito para kay Alvaro, eh, sino pa ba? Eh, di ’yung totoong single at may ibubuga ang ganda!” Hindi na nagpapigil si Mang Tony. “Ayan, o, pumapalampak na ang tenga ni Issy...”

Nanlalaki ang mga matang nilingon niya ang mga kasamahan na pare-parehong nakatingin sa kanya. Si Mang Tony ay abot-tainga ang ngisi, si Angie ay hindi maldrawing ang mukha at sina Aling Criselda at Cynthia ay nanunukso ang tingin sa kanya.

“H-huwag n’yo nga akong isali diyan sa kalokohan nin—”

“Ano’ng pinapalabas mo, Mang Tony!” putol sa kanya ni Angie. “Na hindi ako maganda? Baka hindi n’yo alam kung ilang manliligaw ang binasted ko bago ko sinagot si Jonathan. At as if naman papatol si Alvaro kay Issy, eh napaka—”

“Angie,” matatag na saway ni Aling Criselda sa pagbubunganga ng cook.

Defensive itong tumingin sa matandang babae. “Bakit? Sasabihin ko lang naman na masyadong mahiyain itong si Issy para mapansin ng kahit na sino. Ni minsan hindi ko pa siya nakitang naglakad nang hindi nakayuko.”

Pasimpleng pinahid ni Isabella ang pawis sa

kanyang noo gamit ang braso at uminom ng tubig. Ilang segundong inakala niyang mababanggit na naman ang history ng kanyang ina na ikabababa ng kanyang pagkatao. She was having a hard time to admit it, pero sa tingin niya ay phobia na niya iyon. Ayaw niyang napag-uusapan siya lalo na at naririnig niya dahil pakiramdam niya ay palagi na lang babagsak sa mga nagawa noon ng kanyang ina ang usapan.

“Oo nga,” simple nang patuloy ni Cynthia. “Ba’t ganyan ka, Issy? Napakaganda mo pa naman... sinasayang mo ang ganda mo.”

“Mga taong ’to,” pabuntong-hiningang saad ni Mang Tony. “Alam n’yo naman kung bakit ganyan si Issy. Hindi natin siya masisisi matapos ang mga pinagdaanan niya sa mga tao dito.”

“Issy, hindi ka dapat nagpapadala sa mga sinasabi ng mga tao tungkol sa ’yo at sa iyong mama,” sang-ayon na ni Aling Criselda.

Tuluyan nang nanigas ang kanyang katawan nang mabanggit ang kanyang ina. “A-ayos lang ho ako, hindi ko rin talaga hilig ang makihalubilo.”

“Alam mo,” napapaisip na saad ni Angie, “kahit mahal ko si Alvaro, sige, sa ’yo na lang siya. At nang maipamukha mo sa mga nagmaltrato sa ’yo na anuman ang sabihin nila, ikaw pa rin ang reyna. Hindi porque’t wala silang magandang sinasabi tungkol sa ’yo ay hindi na maganda ang pagkatao mo. Konting confidence at makeup lang, konting dedma sa mga pakialamero, wagi ka na, Girl.” Napuno ng excitement ang mukha nito. “Go!

Career-in mo si Alvaro, Issy, dali na!”

Kunot-noong nilingon niya ito. Nawawala na sa sarili ang kasamahan at biglang dinumog ng imahinasyon ang isipan. “Kung anu-ano na ang pumapasok diyan sa utak mo, Angie. Tapusin na lang natin ’tong mga luluuin.”

Kumibit-balikat ito. “Ikaw din, minsan lang nauwi dito ang prinsipe ng San Ildefon.”

Hindi na siya umimik at mapait na ngumiti. She knew that too well.

